SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 14, 2024, LUNES, IKA-09:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

RECEIVED By: 10 OCT 2024 Sta. Cruz, Laguna

OFFICE OF THE ... RELEASE NAME DATE 103024 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 343-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 82-T2024/ KAUTUSANG BARANGAY BLG. 06-T2024 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGLALAAN NG HALAGANG TATLONG DAAN LABING PITONG LIBO WALUMPU'T ANIM NA PISO AT APATNAPUNG SENTIMOS (P317,086.40) PARA SA 10 BAHAGDANG PONDONG PANGKABATAAN (10% SANGGUNIANG KABATAAN FUND) NG BARANGAY JASAAN.**

**SAPAGKAT,** ang halagang P317,086.40 ay nakatakdang ilaan sa mga programa, gawain at Proyektong Pangkabataan ng nabanggit na barangay sa taong 2025;

**SAPAGKAT,** ito ay tinalakay ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan at napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa kabataan ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Mark Anthony M. Juangco, Kgg. Lucena R. Odejar at Kgg. Alan T. Pamatmat at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sanggunian Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 82-T2024 / Kautusang Barangay Blg. 06-T2024 ng Sangguniang Barangay na naglalaan ng halagang P317,086.40 para sa 10 Bahagdang Pondong Pangkabataan (10% Sangguniang Kabataan Fund) ng Barangay Jasaan.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Jasaan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 14, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

102924

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

LAM/CEL 24

10282447